

PAKIKINIG. Ang pakikinig ay ang unang hakbang, subalit ito ay nangangailangan ng bukas na pag iisip at puso, ng walang pagtatangi. Paano nakikipagusap sa atin ang Diyos sa pamamagitan ng mga tinig na minsan ay hindi natin pinag tutuunan ng pansin? Paano pinakikinggan ang mga layko, lalong lalo na ang mga kababaihan at kabatan? Ano ang nagpapadali o nagpapahirap sa ating pakikinig? Gaano kahusay ang ating pakikining sa mga nasa paligid natin? Paano pagsasamahin ang mga kontribusyon ng mga itinalagang kalalakihan at kababaihan? Ano ang mga limitasyon sa ating kakayahang making, lalo na sa mga may ibang pananaw kaysa sa atin? Anong puwang ang meron para sa boses ng mga minorya, lalong lalo na ang mga taong nakaranas ng paghihirap, “marginalization”, o paglayo sa lipunan?

PAGBABAHAGI NG RESPONSABILIDAD PARA SA KARANIWANG MISYON. Ang “Synodality” ay ang pag se serbisyo sa misyon ng simbahan, kung saan lahat ng miembro ay tinatawag upang lumahok. Dahil tayong lahat ay mga alagad na misyonaryo, paano tinawag ang mga bininyagang tao na lumahok sa misyon ng Simbahan? Ano ang mga pumipigil sa mga nabinyagang mga tao para maging aktibo sa misyon? Anong bahagi ng misyon ang napapabayaang natin? Paano sinusupportahan ng ating kumunidad ang mga kasapi nito sa paglilingkod sa iba’t ibang paraan sa lipunan (pagkakasangkot sa sosyal at pulitika, pagsasaliksik sag ham, edukasyon, pagtataguyod ng katarungang panlipunan, pag protekta sa mga karapatang pan tao, pag alaga sa kalikasa, at iba pa)? Paano tinutulungan ng Simbahan ang mga miembro nito upang mabuhay ang kanilang serbisyo sa lipunan sa paraan bilang isang misyonero? Paano ginagawa ang pagkilala tungkol sa mga pagpipilian ng mga misyonero at kanino?

PAGBUO NG ATING SARILI SA SYNODALITY. Ang “Synodality” ay nagsasaad ng pagtanggap sa pagbabago, pagbuo, at patuloy na pag aaral. Paano makakabuo ng ating samahan sa Simbahan para magkaroon ang mga tao ng kakayahan na “lumakad ng magkakasama”, makinig sa bawat isa, makilahok sa misyon, at nakikipag usap? Anong paraan ang inaalok upang mapalakas ang pagkilala at ang pag gamit ng awtoridad sa isang sinodal na paraan? Ang Sinodo website ay nagbibigay ng mga mungkahi kung paano ito isasagawa.